JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Eksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

2

# Edukasyon sa Pagpapapakatao

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Biyayang natamo, Iingatan ko



Pangalan: ___________________________

Baitang at Seksyon: ___________________________

Paaralan: ___________________________



# Alamin

Bawat isa sa atin ay may mga biyayang natatanggap sa araw-araw mula sa ating Panginoon, mahal sa buhay at maging sa ating mga kaibigan. Simula sa paggising sa umaga, ito ay napakagandang biyaya mula sa ating Panginoon dahil sa panibagong yugto ng ating buhay na kanyang handog. Nararapat lamang na pasalamatan natin ang lahat ng ito.

Sa araling ito, ating matutunan kung paano gamitin sa makabuluhang bagay ang bawat biyayang ating natanggap mula sa Panginoon at kung paano ito maibahagi sa ating kapwa.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

Nagagamit sa wastong paraan ang mga biyayang tinanggap, tinatanggap at tatanggapin.

**EsP2PD-Iva-d-5**



# Subukin

**A.** Pag-ugnayin ang mga biyayang nasa ating katawan na nasa Hanay A at sa Hanay B. Isulat ang titik ng sagot sa patlang.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______1.Upang makakita ng mga magagandang tanawin. | A. bibig |
| ______2.Nagsasabi ng magagandang salita. | B. kamay |
| ______3.Nakikinig sa salita ng Panginoon. | C. tainga |
| ______4.Gumagawa ng magaganda bagay | D. paa |
| ______5.Nagdadala sa atin patungo sa simbahan | E. mata |

**B.** Basahin at buuin ang tula. Hanapin sa loob ng kahon ang mga nawawalang salita at isulat ito sa patlang.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| lupa | tatay | nanay | Panginoon | hayop |

Mahal na (1.)__________, maraming salamat sa biyayang iyong ibinigay. Salamat sa hangin, tubig, langit at (2.)______. Maraming salamat din sa mga tanim puno at mga (3.) ___, at higit sa lahat, salamat sa aking (4) ______ at (5) _____ na laging nakagabay at nakaalalay. Amen.

| Modyul 4 | Aking Talento at Kakayahan, Lilinangin Ko! |
|---|---|



## Balikan

Ating balikan ang iyong natutunan ukol sa pagpapadama ng iyong pagmamahal sa iyong kapwa sa pamamagitan ng mga biyayang iyong natanggap.

**Panuto:** Isulat sa patlang ang salitang **TAMA** kung tama ang isinasaad ng pangungusap, at **MALI** naman kung ito ay mali.

_____1. Binibilhan ko ng pagkain ang aking nakababatang kapatid mula sa aking sobrang baong pera.

_____2. Nagbibigay ako ng kaunting tulong sa mga taong nakaranas ng kalamidad.

_____3. Binabalewala ko kapag may kaklase akong humihingi ng papel.

_____4.Hindi ako nagbibigay sa pulubing aking nakikitang humihingi ng tulong.

_____5. Bilang Star Scout tumutulong ako sa mga gawaing pangkomunidad kahit hindi ako inuutusan.



## Tuklasin

Basahin ang kwento.

**"Si Rosa"**

Si Rosa ay nasa Ikalawang Baitang ng Habib Moin Anduhol Elementary School. Siya ang nag-iisang anak nina Mang Bernie at Aling Edna. Siya ay maaalahaning bata, mabait, magalang, matapat at maawain. Nakahiligan na niyang manood at sumusunod sa mga programa ng kanilang paaralan kagaya ng School Scouting at mga patimpalak. Isang araw, habang siya ay naghihintay sa kanyang amang susundo sa kanya may nakita siyang batang babae na nakaupo lamang sa tabi at nag-iisa habang nakatingin sa mga dumadaang sasakyan, nilapitan niya ito at napag-alaman na hindi pa siya masusundo agad dahil may trabaho pa ang kanyang tatay. Napaisip si Rosa, may natira pang pera mula sa baon niya kaninang umaga. Ibinigay niya ito sa bata. Natakot siya na baka may masamang mangyari sa bata kapag nag-iisa na lamang ito sa paghihintay. Laking pasalamat ng bata dahil makauwi na siya sa kanila ng maaga.

Sagutin ang mga sumusunod.

1.Sino ang batang matulungin sa kuwento? _______________

2.Sino ang hinihintay ng bata? ______________________________

3.Tama ba ang ginawa ni Rosa? Oo o Hindi _______________

4. Paano ipinakita ni Rosa ang pagiging matulungin?

5. Kung ikaw si Rosa, gagawin mo rin ba ang kanyang ginawa? Bakit



## Suriin

Tandaan:

Sa bawat biyayang ating natanggap may karapatan tayong ibahagi ito sa ating kapwa. Huwag nating kalimutang pasalamatan ang Panginoon tungkol dito. Huwag tayong mag-atubiling mamahagi ng ating mga natanggap at tinatanggap na mga biyaya sa mga taong nangangailangan. Gamitin natin ang ating mga tinatamasang biyaya sa makabuluhang bagay lalo na't ito ay nakapagpasaya sa ating kapwa. Sumunod tayo sa mga payo ng ating mga magulang tungkol sa pagpapakita ng pagmalasakit sa kapwa tao at higit sa lahat pahalagahan at ingatan ang mga biyayang ating natanggap.



## Pagyamanin

**Panuto:** Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Lagyan ang patlang ng tsek ( / )kung ito ay tamang gawain, at **X** naman kung mali.



https://lh3.googleusercontent.com/proxy/byGYw27DwuoeUkM0VeBpNX1M8TjHIUzHhqUxJJasXGLVZPHSQbvnC9LNYMCeGNX-hr20V6GgQ9f_cWXgwNR95Z3tnyz6HIr4p_lXqotmBtTZRT-MQCBciq8GInnl




https://bit.ly/2VCHzEY



https://bit.ly/36BLWq3

________1. ________2. ________3.

______4. 


https://bit.ly/3qsCs8A

______5. 


https://lh3.googleusercontent.com/proxy/zz9KDMpu9taw12P1PLE8h4n2eXA1y4GrLI_97tVol2FZJ4QExzMONMJHbvziSU8JTY5xDaKyxRoSYdmAxX8EAqpLmFJXZC0



# Isaisip

Ang pagiging masunurin sa utos ng Panginoon at pagtupad ng kanyang mga kautusan ay bahagi na ng ating pananampalataya. Bilang batang Pilipino at may takot sa Panginoon, ay masasabing masunurin at makadiyos na bata. Ang pagdarasal ay isa sa mahalagang paraan upang makausap natin ang Panginoon, pasalamatan sa lahat ng mga biyayang ating natanggap at maari din nating hilingin ang mga bagay na ating ninanais na siyang Panginoon lamang ang may kakayahang magpasiya kung mapapasaiyo ba ito o hindi.

Sagutin ang mga tanong ng **Oo** o **Hindi**.

______1. Pasalamatan ang panginoon sa mga biyayang natanggap maliit na bagay man ito o hindi.

______2. Huwag magnakaw para may maitulong sa nangangailangan.

______3. Tinutulungan ang kaklaseng binaha sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga napagliitang damit.

______4. Nagbibigay ng tulong sa simbahan sa pamamagitan ng paglilinis o pagkukumpuni ng mga sirang gamit.

______5. Ibahagi sa kapwa ang mga biyayang natamasa.



## Isagawa

Magbigay ng limang (5) mainam na gawain sa mga biyayang ating natanggap.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________



## Tayahin

Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

____1. Sino ang dinadasalan ni Rosa bilang pasasalamat sa kanyang biyayang natanggap?

**A.** Panginoon **B.** rebulto **C.** pari

____2. Alin sa ibaba ang **HINDI** ugali ng isang batang iskawt?

**A.**magnanakaw **B.**matulungin **C.**matapat

____3.Sino sa kanila ang nararapat bigyan ng tulong?

**A.** barumbado **B.**nasunugan **C.**magnanakaw

____4.Sino ang may likha ng ating mga biyaya sa kapaligiran?

**A.** boksingero **B.**Panginoon **C.** artista

____5. Mainam gawin upang makausap ang Panginoon.

**A.** magdasal **B.** sumayaw C. magtsismisan



## Karagdagang Gawain

Sumulat ng maikling dasal tungkol sa isang bagay na iyong hinihiling sa Panginoon.

# Sanggunian


Anna Marie Quebue, Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao 2,Kagamitan para sa Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya,Unang Edisyon,2013, ISBN: 978-971-9990-93-2 , p.256-261.

https://image.shutterstock.com/image-illustration/cartoon-little-boy-woke-yawns-260nw-340088183. Date access: November19,2020

https://image.shutterstock.com/image-vector/two-girls-talking-together-on-260nw-212010130.jpg./Date access: November19,2020

https://lh3.googleusercontent.com/proxy/zz9KDMpu9taw12P1PLE8h4n2eXA1y4GrLI_97tVoI2FZJ4QExzMONMJHbvziSU8JTY5xDaKyxRoSYdmAxX8EAqpLmFJXZC0/Date access: November19,2020

https://lh3.googleusercontent.com/proxy/byGYw27DwuoeUkM0VeBpNX1M8TjHIUzHhqUxJJasXGLVZPHSQbvnC9LNYMCeGNXhr20V6GgQ9f_cWXgwNR95Z3tnyz6HIr4p_IXqotmBtTZRT-MQCBciq8GlnnI. /Date access: November19,2020

https://as2.ftcdn.net/jpg/02/50/37/75/500_F_250377537_vERXRPJcHV6xnFpQ9d95hjO8XXtrRcPD.jpg. /Date access: November19,2020

https://cdn.shopify.com/s/files/1/0065/4917/6438/products/a-couple-helping-each-other-move-some-heavy-boxes-and-view-of-the-church-altar-background_1200x1200.jpg?v=1534247025./ Date access: November19,2020

https://images-eu.ssl-images-amazon.com/images/I/61vJRvDDX5L._AC_UL600_SR570,600_.jpg./ Date access: November19,2020

https://www.clker.com/cliparts/N/s/b/5/L/z/blue-flower.svg. /Date access: November19,2020



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **ESNIA P. LIBETARIO**
Editor: **RETHEL ANN C. DADULO**
**MARY GRACE A. HORE**
Tagasuri: **Baby Aida S. Awang**
**Rowena D. Quiboyen**
**Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP**
Tagapamahala:
**Evelyn F. Importante**, OIC-CID Chief EPS
**Aurelio A. Santisas**, OIC ASDS
**Jerry C. Boking**kito , OIC ASDS
**Jeanelyn A. Aleman**, CESO VI, OIC SDS